


# Isang Kasiya-siyang Buhay
## Kung Paano Ito Matatamo



Isaalang-alang ang kabalintunaang ito: Sa isang industriyalisadong bansa, mahigit sa 90 porsiyento ng mga tao ang nakadaramang sila'y alinman sa napakaligaya o basta maligaya. Subalit 3 sa 10 droga na pinakamalawak na ginagamit sa bansang iyon ay inirereseta para sa panlulumo. Sa bansa ring iyon, itinuturing ng 91 porsiyento ng mga tao na kasiya-siya ang kanilang buhay pampamilya. Subalit, halos kalahati ng mga pag-aasawa roon ay nauuwi sa diborsiyo!

Sa katunayan, isang surbey ng mga tao sa 18 bansa, na kumakatawan sa humigit-kumulang sa kalahati ng populasyon ng daigdig, ang nagpapakita na isang "pesimistikong pangmalas sa hinaharap ang waring laganap sa kalakhang bahagi ng daigdig." Maliwanag, kung gayon, na marami ang hindi nagtataglay ng isang lubos na kasiya-siyang buhay. Kumusta ka naman? Ang brosyur na ito ay inihanda upang tulungan ka na gawing tunay na kasiya-siya ang iyong buhay.

TALAAN NG MGA NILALAMAN — Pahina


1. Isang Kasiya-siyang Buhay —Isa ba Lamang Guniguni? 3
2. Mga Mungkahi sa Pagkakaroon ng Isang Kasiya-siyang Buhay 5
3. Ang Aklat ng Maaasahang Patnubay 11
4. Ang May-akda ng Pambihirang Aklat 15
5. Kinikilala Kung Sino ang Diyos 18
6. Bakit Tayo Nilalang ni Jehova? 20
7. Isang Kasiya-siyang Buhay—Bakit Napakailap? 22
8. Ang Daan Pabalik sa Isang Kasiya-siyang Buhay 25
9. Tamasahin ang Isang Kasiya-siyang Buhay —Ngayon at Magpakailanman! 28

# 1

# Isang Kasiya-siyang Buhay —Isa ba Lamang Guniguni?

SA ISANG maunlad na bansa, ang isang bahay na may lahat ng luho sa buhay ay maaaring magmukhang maginhawa at masagana. Gayunman, pumasok ka sa kanilang tahanan, at ano ang iyong makikita? Isang mahirap at malungkot na kapaligiran. Ang mga anak na tin-edyer ay sumasagot sa kanilang mga magulang ng “Oo,” o “Hindi,” taglay ang pagmamaktol. Ang ina ay naghahangad ng atensiyon ng kaniyang asawa. At ayaw naman ng ama na maistorbo. Palibhasa’y namumuhay nang sarili, ang tumatandang mga magulang ng mag-asawang ito ay nananabik na makasama ang pamilya, na ilang buwan na nilang hindi nakikita. Sa kabilang panig, ang mga pamilyang napapaharap sa gayunding kaigtingan ay nagtagumpay sa paglutas sa kanilang mga suliranin at naging tunay na maligaya. Nagtataka ba kayo kung bakit?

2 Isaalang-alang ang isang pamilya sa isang papaunlad na bansa, marahil ay sa iba namang sulok ng daigdig. Ang lahat ng pitong miyembro ng pamilya ay nakatira sa isang barungbarong na malapit nang magiba. Hindi nila matiyak kung kailan sila makakakuha ng susunod na pagkain—isang malungkot na paalaala na hindi pa naaalis ng tao ang gutom at karalitaan sa daigdig. Subalit, hinaharap ng maraming pamilya sa lupa ang kahirapan taglay ang isang maligayang espiritu. Bakit?

3 Kahit na sa mayayamang lupain, maaaring lumitaw ang pinansiyal na mga suliranin. Isang pamilya sa Hapon ang bumili ng kanilang bahay noong nasa kasukdulan ang paglago ng ekonomiya na parang “bula.” Sa paniniwalang tiyak na tataas ang suweldo sa hinaharap, sila’y nagpasiyang mangutang nang malaki ang hulog. Gayunman, nang ang “bula” ay pumutok, hindi na sila makabayad anupat kailangang ipagbili nila ang kanilang bahay sa isang halagang mas mababa kaysa sa kanilang pagkakabili. Bagaman hindi na sila nakatira sa bahay na iyon, ang pamilya ay nagbabayad pa rin ng utang para doon. Dagdag pa sa pasanin, sila ay nagkukumayod sa pagbabayad ng utang dahil sa di-matalinong paggamit ng mga *credit card.* Ang ama ay tumataya sa karera ng kabayo, at ang pamilya ay lalong nababaon sa utang. Gayunman, maraming pamilya ang gumawa ng mga pagbabago na nagdulot ng kaligayahan. Nais mo bang malaman kung paano?

4 Saan ka man nakatira, ang mga relasyong pantao ay maaaring pagmulan ng patuloy na kabalisahan, anupat ang buhay ay lalong nagiging di-kasiya-siya. Sa trabaho ay maaaring maging





puntirya ka ng talikurang paninira. Ang iyong mga nagagawa ay maaaring pumukaw sa iba na manibugho at gawin kang biktima ng di-makatuwirang pamumuna. Maaaring mainis ka sa isang tao na kailangan mong pakitunguhan sa araw-araw dahil sa kaniyang dominanteng personalidad. Sa paaralan ang iyong anak ay maaaring takutin, ligaligin, o hindi pansinin. Kung ikaw ay isang nagsosolong magulang, batid mong hindi nito pinabubuti ang kalagayan mo sa buhay kung tungkol sa iyong relasyon sa iba. Ang lahat ng mga suliraning ito sa ngayon ay nagpapalaki ng kaigtingan sa buhay ng maraming lalaki at mga babae.

5 Ang mga epekto ng kaigtingan ay maaaring dumami nang hindi namamalayan sa loob ng isang yugto ng panahon hanggang sa ito'y sumambulat nang walang babala. Kaya, ang kaigtingan ay tinatawag na tahimik na mamamatay-tao, at ang malubhang kaigtingan bilang isang mabagal na lason. "Sa ngayon, ang kaigtingan at ang idinudulot nitong karamdaman ay nagsisilbing dagok sa mga manggagawa sa halos bawat sulok ng daigdig," sabi ni Propesor Robert L. Veninga ng University of Minnesota. Sinasabing dahil sa mga sakit na kaugnay ng kaigtingan, nalulugi ang ekonomiya ng Estados Unidos nang $200 bilyon sa isang taon. Ang kaigtingan ay tinatawag pa ngang pinakabagong pagluluwas (*export*) ng Amerika, at ang mga pagbanggit sa salitang "kaigtingan" ay maririnig sa maraming pangunahing mga wika sa daigdig. Kapag ikaw ay nasa kaigtingan at nabigong tapusin ang mga bagay na nakaiskedyul, maaari kang makadama ng pagkukulang. Isang pag-aaral kamakailan ang nag-uulat na ang karaniwang tao ay nakagugugol ng dalawang oras sa isang araw samantalang nakadarama ng pagkukulang. Subalit, nagawang harapin ng ilan ang kaigtingan at naging matagumpay sa kanilang buhay.

6 Paano mo mahaharap ang gayong pang-araw-araw na mga suliranin at magkaroon ng isang kasiya-siyang buhay? Ang ilan ay kumukonsulta sa mga aklat para sa sariling-sikap at mga manwal ng mga espesyalista. Maaasahan ba ang gayong mga aklat? Si Dr. Benjamin Spock, na ang aklat hinggil sa pag-aaruga sa anak ay naisalin na sa 42 wika at may sirkulasyong halos 50 milyon, minsan ay nagsabi na "ang kawalan ng katatagan ang . . . karaniwang suliranin ng mga magulang sa Amerika sa ngayon." Pagkatapos ay nagpatuloy siya sa pagsasabing ang mga propesyonal, lakip na ang kaniyang sarili, ang dapat na sisihin. "Hindi namin nababatid, hanggang sa maging huli na ang lahat," ang pag-amin niya, "kung paanong ang aming alam-ang-lahat na saloobin ay nagpaparupok sa pagtitiwala sa sarili ng mga magulang." Kaya, makabubuting itanong natin: 'Kaninong payo ang maaari nating sundin nang ligtas upang magkaroon ng isang kasiya-siyang buhay ngayon at sa hinaharap?'

### Ano sa Palagay Mo?

1-3. Anong pang-araw-araw na mga suliranin ang napapaharap sa atin?

4. Paano nakaaapekto sa iyo ang mga relasyong pantao?

5. Anong mga dahilan ng kaigtingan ang iyong nakikita sa daigdig sa ngayon?

6. Paano mo mamalasin ang karunungan ng tao sa pagtulong sa iyo upang magkaroon ng isang kasiya-siyang buhay?

2

# Mga Mungkahi sa Pagkakaroon ng Isang Kasiya-siyang Buhay

KAPAG napaharap sa isang suliranin, saan ka humahanap ng payo? Maaari kang bumaling sa isang pinagtitiwalaang kaibigan o sa isang makaranasang tagapayo. Ang pagsangguni sa mga pinagmumulan ng impormasyon, tulad sa isang aklatan, ay makatutulong. O maaari kang kumonsulta sa "karunungan ni Lola," gaya ng tawag dito ng mga taga-Silangan, upang matuto mula sa kaniyang mahabang taon ng karanasan. Anumang pamamaraan ang piliin mo, makabubuting isaalang-alang ang maikli subalit malaman na mga salita ng karunungan na nagbibigay ng mahahalagang payo sa paglutas ng suliranin. Narito ang ilang halimbawa ng mabubuting payo na masusumpungan mong kapaki-pakinabang.

2 **Buhay Pampamilya:** Maraming magulang ang nababahala sa pagpapalaki sa kanilang mga anak sa isang sanlibutang punung-puno ng di-mabubuting impluwensiya. Ang pagsasaalang-alang sa sumusunod na payo ay makatutulong: *"Sanayin mo ang bata ayon sa daang nararapat sa kaniya; tumanda man siya ay hindi niya iyon lilihisan."*[1] Habang lumalaki ang mga bata, kailangan nila "ang daan," nakatakdang mga pamantayan na dapat na sundin. Parami nang parami ang mga espesyalistang kumikilala sa kahalagahan ng paglalaan ng kapaki-pakinabang na mga alituntunin para sa mga anak. Ang pantas na mga pamantayan ng magulang ay nagdudulot sa mga anak ng tiwasay na damdamin. Bukod dito: *"Ang pamalo at ang saway ang siyang nagbibigay ng karunungan; ngunit ang batang pinababayaan ay magdudulot ng kahihiyan sa kaniyang ina."*[2] "Ang pamalo" ay tumutukoy sa awtoridad ng magulang na kailangang ilapat sa maibiging paraan upang ang mga anak ay hindi maligaw. Hindi kasali sa paggamit ng gayong awtoridad ang pang-aabuso sa bata sa anumang paraan. Ang payo sa mga magulang ay: *"Huwag ninyong yamutin ang inyong mga anak, upang hindi sila masiraan ng loob."*[3]

3 Ang isang mainam na relasyon sa pagitan ng asawang lalaki at asawang babae ang siyang saligan para sa isang maligayang pamilya. Ano ang kailangan para sa gayong relasyon? *"Ibigin din ng bawat isa sa inyo ang kani-kaniyang asawang babae gaya ng ginagawa niya sa kaniyang sarili; sa kabilang dako naman, ang asawang babae ay dapat na magkaroon ng matinding paggalang sa kaniyang asawang lalaki."*[4] Ang pag-ibig at paggalang ay nagsisilbing pampadulas sa mekanismo ng pamilya. Upang



"Sanayin mo ang bata ayon sa daang nararapat sa kaniya"

"Ibigin . . . ng bawat isa sa inyo ang kani-kaniyang asawang babae gaya ng ginagawa niya sa kaniyang sarili"





**Magkaroon ng positibong pangmalas, at manguna sa pagtataguyod ng masayang relasyon**

magkabisa ang payong ito, mahalaga ang komunikasyon sapagkat *"nabibigo ang mga plano kung saan walang matalik na usapan."*[5] Upang magkaroon ng puso-sa-pusong komunikasyon, dapat nating sikaping unawain ang damdamin ng ating asawa, na inaalam kung ano talaga ang nadarama niya. Katalinuhang tandaan na *"ang isip* [*ng tao*] *ay maaaring maging malalim gaya ng tubig sa isang balon, ngunit ang lalaki* [*o, babae*] *na matalino ang siyang sasalok nito mula sa kaniya."*[6]

4 Marami sa mga taong may edad na ang masyadong nalulungkot sa kanilang mga huling taon ng buhay, palibhasa'y iniwan na silang nag-iisa ng kanilang mga anak, maging sa mga bansang ang pagiging magalang ng mga anak ang siyang dating kalakaran. Subalit, makabubuting isaalang-alang ng kanilang mga anak ang pantas na mga kasabihang ito: *"Parangalan mo ang iyong ama at ang iyong ina."*[7] *"Huwag mong hamakin ang iyong ina dahil lamang sa tumanda na siya."*[8] *"Siyang nagmamalupit sa ama at nagtataboy sa ina ay isang anak na gumagawi nang kahiya-hiya at kadusta-dusta."*[9] Ang may edad nang mga magulang, sa kabilang panig, ay kailangang magkaroon ng positibong pangmalas at manguna sa pagtataguyod ng masayang relasyon. *"Ang nagbubukod ng kaniyang sarili ay naghahanap ng kaniyang makasariling hangarin; laban sa lahat ng praktikal na karunungan ay sasalansang siya."*[10]

5 **Paggamit ng Alkohol:** Totoo na *"ang alak ay nagpapasaya ng buhay,"*[11] at na ang pag-inom ng inuming de-alkohol ay maaaring maging sanhi upang *"huwag na niyang alalahanin pa ang kaniyang kabagabagan."*[12] Subalit tandaan: *"Ang alak ay manunuya, ang nakalalangong inumin ay magulo, at ang sinumang naliligaw dahil dito ay hindi marunong."*[13] Isipin ang epekto ng labis na pag-inom: *"Sa huli ay kumakagat* [*ang alak*] *tulad ng serpiyente, at naglalabas ito ng lason tulad ng ulupong. Ang iyong mga mata ay makakakita ng mga bagay na kakatwa, at ang iyong puso ay magsasalita ng tiwaling mga bagay. . . . 'Kailan ako magigising? Iyon ay hahanapin ko pang muli.' "*[14] Ang katamtamang paggamit ng inuming de-alkohol ay maaaring maging kapaki-pakinabang, subalit ang pag-abuso dito ay dapat na iwasan sa tuwina.

6 **Pamamanihala sa Pera:** Sa ilang kaso, ang mga suliranin sa pera ay maaaring mahadlangan sa pamamagitan ng matalinong pamamanihala sa mga pondo. Pakinggan ang payong ito: *"Huwag kang sumama sa mga labis uminom ng alak, sa matatakaw kumain ng karne. Sapagkat ang lasenggo at ang matakaw ay sasapit sa karalitaan, at ang antok ay magdaramit sa isa ng mga basahan lamang."*[15] Sa pamamagitan ng pag-iwas sa pag-abuso sa alkohol at droga at gayundin sa mga bisyong tulad ng pagsusugal, magagamit natin ang ating pera upang paglaanan ang ating pamilya sa isang kapaki-pakinabang na paraan.

Subalit, marami ang nabigong mamuhay ayon sa kanilang tinataglay anupat kailangang puspusang magtrabaho upang mabayaran lamang ang kanilang pagkakautang. Ang ilan ay umutang pa nga upang ibayad sa interes ng iba pang pagkakautang. Ang pag-iingat sa isipan ng sumusunod na mga salita ng karunungan ay makatutulong: *"Siyang sumusunod sa mga bagay na walang kabuluhan ay magkakaroon ng sapat na karalitaan."*[16] Maaari nating tanungin ang ating sarili: 'Talaga bang kailangan ko ang mga bagay na nais kong bilhin? Gaano karaming bagay ang itinatago sa kabinet matapos gamitin ang mga ito nang ilang ulit lamang?' Isang kolumnista ang sumulat: "Iilan lamang ang pangangailangan ng tao—walang hanggan ang kaniyang pagnanais." Pansinin ang mga salitang ito ng karunungan: *"Wala tayong dinalang anuman sa sanlibutan, at wala rin naman tayong anumang mailalabas. Kaya, sa pagkakaroon ng pagkain at pananamit, magiging kontento na tayo sa mga bagay na ito. . . . Ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng nakapipinsalang mga bagay, at sa pag-abot sa pag-ibig na ito ang ilan ay . . . napagsasaksak ng maraming kirot ang kanilang sarili."*[17]

7 Ang kasipagan ay napakabisa sa paglutas ng mga suliranin sa pera. *"Pumaroon ka sa langgam, ikaw na tamad; tingnan mo ang mga lakad nito at magpakarunong ka. . . . Kaunti pang tulog, kaunti pang idlip, kaunti pang paghahalukipkip ng mga kamay sa pagkakahiga, at ang iyong karalitaan ay tiyak na darating na tulad ng isang mandarambong."*[18] Ang maingat na pagpaplano at makatotohanang badyet ay makatutulong din: *"Sino sa inyo na nais magtayo ng tore ang hindi muna uupo at tutuusin ang gastusin, upang makita kung mayroon siyang sapat upang matapos iyon?"*[19]

8 Ano naman, kung tayo ay dumaranas ng karalitaan nang hindi natin kasalanan? Halimbawa, dahil sa krisis sa kabuhayan, tayo ay maaaring mawalan ng trabaho bagaman handa tayong magtrabaho nang puspusan. O tayo ay maaaring nakatira sa isang bansa kung saan ang karamihan ng tao ay nabubuhay nang mas mahirap pa sa daga. Ano kung gayon? *"Ang karunungan ay pananggalang kung paanong ang salapi ay pananggalang; ngunit ang pakinabang sa kaalaman ay na iniingatang buháy ng karunungan ang mga nagtataglay nito."*[20] Bukod dito, isaalang-alang ang payong ito: *"Nakakita ka na ba ng taong dalubhasa sa kaniyang gawain? Sa harap ng mga hari siya tatayo."*[21] Maaari ba tayong maging bihasa sa mga bagay-bagay na makatutulong sa atin sa paghahanap ng trabaho?

9 Ang sumusunod na payo ay parang kasalungat, subalit ito ay tunay na mabisa: *"Ugaliin ang pagbibigay, at ang mga tao ay magbibigay sa inyo . . . , sapagkat ang panukat na inyong ipinanunukat ay ipanunukat nila sa inyo bilang ganti."*[22] Hindi ito nangangahulugan ng pagbibigay dahil sa umaasang tatanggap



**"Nakakita ka na ba ng taong dalubhasa sa kaniyang gawain?"**



**"Ugaliin ang pagbibigay, at ang mga tao ay magbibigay sa inyo"**

ng kapalit nito. Sa halip, ang payo ay upang malinang ang isang mapagbigay na espiritu: *"Ang kaluluwang bukas-palad ay patatabain, at ang saganang dumidilig sa iba ay sagana ring didiligin."*[23] Sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga bagay-bagay sa mga panahon ng pangangailangan, itinataguyod natin ang espiritu ng pagbibigay na sa dakong huli ay maaaring magbigay sa atin ng kapakinabangan.

10 **Mga relasyong pantao:** Isang pantas na hari ang nagsabi: *"Nakita ko mismo ang lahat ng pagpapagal at ang lahat ng kahusayan sa paggawa, na iyon ay nagbubunga ng pagpapaligsahan sa isa't isa; ito rin ay walang kabuluhan at paghahabol sa hangin."*[24] Ang pakikipagpaligsahan ay nagtulak sa maraming tao na kumilos nang may kamangmangan. Nakita ng isang tao na nagkaroon ang kaniyang kapitbahay ng 32-pulgadang telebisyon, anupat bumili naman siya ng 36-na-pulgadang telebisyon, kahit na ang kaniyang 27-pulgadang telebisyon ay maayos pa. Ang gayong pakikipagpaligsahan ay tunay na walang kabuluhan, gaya ng paghahabol sa hangin—labis na pagtakbo na wala namang kapakinabangan. Hindi ba kayo sasang-ayon?

11 Tayo ay maaaring masaktan sa sinabi ng iba tungkol sa atin. Subalit isaalang-alang ang payong ito: *"Huwag kang magmadaling maghinanakit sa iyong espiritu, sapagkat hinanakit ang nagpapahinga sa dibdib ng mga hangal."*[25] Totoo, may mga pagkakataon na ang pagkagalit ay maaaring makatuwiran. *"Mapoot kayo,"* ang pag-amin ng isang sinaunang manunulat, *"gayunma'y huwag magkasala; huwag hayaang lumubog ang araw na kayo ay pukáw sa galit."*[26] Kung gayon, paano natin mapagtatagumpayan ang matinding pagkagalit? *"Ang kaunawaan ng tao ay tunay na nagpapabagal ng kaniyang galit, at kagandahan sa ganang kaniya na palampasin ang pagsalansang."*[27] Kaunawaan ang siyang kailangan. Maaari nating tanungin ang ating sarili: 'Bakit ba siya kumilos ng gayon? Mayroon bang mga pangyayaring naging dahilan nito?' Bukod pa sa kaunawaan, may mga katangian pang maaaring linangin upang mapagtagumpayan ang galit. *"Damtan ninyo ang inyong sarili ng magiliw na pagmamahal na may habag, kabaitan, kababaan ng pag-iisip, kahinahunan, at mahabang pagtitiis. Patuloy ninyong pagtiisan ang isa't isa at malayang patawarin ang isa't isa kung ang sinuman ay may dahilan sa pagrereklamo laban sa iba. . . . Ngunit, bukod pa sa lahat ng bagay na ito, damtan ninyo ang inyong sarili ng pag-ibig, sapagkat ito ay isang sakdal na bigkis ng pagkakaisa."*[28] Oo, nalulutas ng pag-ibig ang maraming suliranin sa relasyong pantao.

12 Gayunman, may "isang maliit na sangkap" na nagiging hadlang sa pagpapanatili ng mapayapang relasyong pantao —ang dila. Gaano katotoo ang mga salitang ito: *"Ang dila, walang isa man sa sangkatauhan ang makapagpaamo nito. Isang*

*di-masupil at nakapipinsalang bagay, ito ay punô ng nakamamatay na lason.”*[29] At tunay na kapansin-pansin ang payong ito: *“Ang bawat tao ay dapat na maging matulin sa pakikinig, mabagal sa pagsasalita, mabagal sa pagkapoot.”*[30] Gayunman, sa paggamit ng dila, dapat na maging maingat tayo sa hindi pagsasabi ng buong katotohanan, upang mapanatili lamang ang paimbabaw na kapayapaan. *“Ang inyo lamang salitang ‘Oo’ ay mangahulugang Oo, ang inyong ‘Hindi’, Hindi; sapagkat ang lumabis sa mga ito ay mula sa isa na balakyot.”*[31]

13 Paano natin mapananatili ang mabuting kaugnayan sa iba? Pansinin ang pumapatnubay na simulaing ito: *‘Ituon ang mata, hindi lamang sa personal na kapakanan ng inyong sariling mga bagay-bagay, kundi sa personal na kapakanan din ng iba.’*[32] Kaya tayo ay makapamumuhay alinsunod sa tinatawag ng marami na Ginintuang Alituntunin: *“Lahat ng mga bagay, kung gayon, na ibig ninyong gawin ng mga tao sa inyo, gayundin ang dapat ninyong gawin sa kanila.”*[33]

14 **Kaigtingan:** Paano natin mapananatili ang emosyonal na pagkatimbang sa sanlibutang ito na puno ng kaigtingan? *“Ang masayang puso ay may mabuting epekto sa mukha, ngunit dahil sa kirot sa puso ay may bagbag na espiritu.”*[34] Maaaring madali nating maiwala ang “[isang] masayang puso” kapag nakikita nating ipinagwawalang-bahala ng iba kung ano ang waring tama sa ating mga mata. Subalit, dapat nating tandaan ang mga salitang ito: *“Huwag kang lubhang magpakamatuwid, ni labis-labis na magpakarunong. Bakit mo dudulutan ng kaabahan ang iyong sarili?”*[35] Sa kabilang panig, ang mga kabalisahan sa buhay ay maaaring palaging nagpapahirap sa atin. Kung gayon ano ang magagawa mo? Tandaan natin: *“Ang pagkabalisa sa puso ng tao ang siyang magpapayukod nito, ngunit ang mabuting salita ang siyang nagpapasaya nito.”*[36] Maaari nating bulay-bulayin ang “mabuting salita,” ang mabait na salita na nagpapasigla sa atin. Ang pagkakaroon ng positibong saloobin sa kabila ng nakapanlulumong mga kalagayan ay maaaring magdulot pa nga ng nakapagpapalusog na epekto: *“Ang masayang puso ay nakabubuti bilang pampagaling.”*[37] Kapag tayo ay nanlulumo dahil sa para bang ang iba ay hindi nagmamalasakit sa atin, maaari nating subukan ang pormulang ito: *“May higit na kaligayahan sa pagbibigay kaysa sa pagtanggap.”*[38] Sa pagkakaroon ng positibong saloobin, mapagtatagumpayan natin ang kaigtingan na napapaharap sa atin sa araw-araw.

15 Sa palagay kaya ninyo ang nabanggit na mga salita ng karunungan ay magiging mabisa sa inyo na namumuhay sa ika-21 siglo? Sa katunayan, ang mga ito ay masusumpungan sa isang sinaunang aklat—ang Bibliya. Subalit bakit sa Bibliya aasa sa halip na sa iba pang pinagmumulan ng karunungan? Sapagkat, bukod sa iba pang mga dahilan, ang mga



**Paano natin maaaring mapagtagumpayan ang matinding pagkagalit?**



### ANO SA PALAGAY MO?

1. Paano mo haharapin ang isang suliranin sa iyong buhay?

2-4. Anong mga salita ng karunungan ang maaaring makahadlang sa pagkawasak ng pamilya?

5. Anong babala hinggil sa paggamit ng alkohol ang maaaring sundin mo nang may katalinuhan?

6-9. Magbigay ng ilang halimbawa ng mga paraan upang mapasulong mo ang pamamanihala sa pera.

10, 11. Ano ang magagawa mo upang mapagtagumpayan ang pakikipagpaligsahan at galit?

12. Ano ang makatutulong sa iyo upang makontrol mo ang iyong dila?

13. Paano mo mapananatili ang kanais-nais na mga relasyong pantao?

14. Ano ang makatutulong sa iyo upang mapagtagumpayan ang kaigtingan?

15, 16. Bakit sulit na iyong suriin ang Bibliya?

simulain na masusumpungan sa Bibliya ay subok na sa panahon. Kuning halimbawa sina Yasuhiro at Kayoko, na nasangkot sa kilusan para sa karapatan ng mga babae. Sila'y nagpakasal lamang dahil sa ipinagdadalang-tao ni Kayoko ang anak ni Yasuhiro. Gayunman, dahil sa pinansiyal na mga suliranin at di-pagkakasundo, di-nagtagal at sila'y nagdiborsiyo. Nang maglaon, lingid sa isa't isa, kapuwa sila nagpasimulang makipag-aral ng Bibliya sa mga Saksi ni Jehova. Bawat isa sa kanila ay may malaking pagbabago na sa kanilang buhay. Sina Yasuhiro at Kayoko ay nagpasiyang muling magpakasal. Bagaman ang kanilang buhay ay hindi malaya sa suliranin, taglay na nila ngayon ang mga simulain sa Bibliya upang mamuhay alinsunod doon, at kapuwa sila nagpaparaya para malutas ang kanilang mga suliranin. Sa mga Saksi ni Jehova, makikita ninyo ang maiinam na resulta ng pagkakapit ng mga simulain ng Bibliya sa buhay. Bakit hindi dumalo sa isa sa kanilang mga pulong upang lubos na makilala ang mga taong nagsisikap na mamuhay alinsunod sa Bibliya?

16 Ang payong sinipi sa itaas ay isang halimbawa lamang ng di-mauubos na suplay ng praktikal na karunungan na masusumpungan mo sa pinagmumulan ng minimithing kaliwanagan, ang Bibliya. May mga dahilan kung bakit ang mga Saksi ni Jehova ay kusang nagkakapit ng mga simulain ng Bibliya sa kanilang buhay. Bakit hindi alamin ang mga kadahilanang nasa likuran ng pagkukusang iyon at matuto ng ilang saligang katotohanan tungkol sa Bibliya?

### *HANAPIN ANG MGA SALITA NG KARUNUNGAN SA BIBLIYA*

***1.*** *Kawikaan 22:6* ***2.*** *Kawikaan 29:15* ***3.*** *Colosas 3:21* ***4.*** *Efeso 5:28, 33* ***5.*** *Kawikaan 15:22* ***6.*** *Kawikaan 20:5, "Moffatt"* ***7.*** *Mateo 19:19* ***8.*** *Kawikaan 23:22* ***9.*** *Kawikaan 19:26* ***10.*** *Kawikaan 18:1* ***11.*** *Eclesiastes 10:19* ***12.*** *Kawikaan 31:6, 7* ***13.*** *Kawikaan 20:1* ***14.*** *Kawikaan 23:29-35* ***15.*** *Kawikaan 23:20, 21* ***16.*** *Kawikaan 28:19* ***17.*** *1 Timoteo 6:7-10; Lucas 12:15* ***18.*** *Kawikaan 6:6-11* ***19.*** *Lucas 14:28* ***20.*** *Eclesiastes 7:12* ***21.*** *Kawikaan 22:29* ***22.*** *Lucas 6:38* ***23.*** *Kawikaan 11:25; Eclesiastes 11:1* ***24.*** *Eclesiastes 4:4* ***25.*** *Eclesiastes 7:9* ***26.*** *Efeso 4:26, 27* ***27.*** *Kawikaan 19:11* ***28.*** *Colosas 3:12-14* ***29.*** *Santiago 3:5-8* ***30.*** *Santiago 1:19* ***31.*** *Mateo 5:37* ***32.*** *Filipos 2:4* ***33.*** *Mateo 7:12* ***34.*** *Kawikaan 15:13* ***35.*** *Eclesiastes 7:16* ***36.*** *Kawikaan 12:25* ***37.*** *Kawikaan 17:22* ***38.*** *Gawa 20:35*

# 3

# Ang Aklat ng Maaasahang Patnubay

“ANG Bibliya ay isang produkto ng pinagsama-samang sibilisasyon ng sangkatauhan at ng mga karanasan sa buhay at ito’y namumukod-tangi,” sabi ng isang babasahing inilathala ng Chung Shang University sa Guangzhou, Tsina. Si Immanuel Kant, isang maimpluwensiyang pilosopo noong ika-18 siglo, ay sinipi sa pagsasabing: “Ang pag-iral ng Bibliya, bilang isang aklat para sa mga tao, ang siyang pinakadakilang kapakinabangan na naranasan ng lahi ng tao kailanman. Ang bawat pagsisikap na maliitin ito . . . ay isang krimen laban sa sangkatauhan.” Ang *The Encyclopedia Americana ay* nagsasabi: “Ang impluwensiya ng Bibliya ay hindi lamang limitado sa mga Judio at sa mga Kristiyano. . . . Ito ay minamalas ngayon bilang isang etikal at relihiyosong kayamanan na ang dimaubos na turo nito ay magiging higit pang mahalaga habang ang pag-asa sa isang pandaigdig na sibilisasyon ay lumalago.”

2 Anuman ang iyong kinaaanibang relihiyon, hindi ka kaya magiging interesado na malaman ang ilang bagay tungkol sa gayong aklat? Sa katapusan ng ika-20 siglo, ang Bibliya ay naisalin na, sa kabuuan o sa bahagi nito, sa mahigit na 2,200 wika. Ang karamihan sa mga tao ay makasusumpong ng kopya nito sa wika na maaari nilang mabasa at maunawaan. Mula nang maimbento ang imprenta na may isahang tipong letra, tinatayang may apat na bilyong kopya ng Bibliya ang naipalaganap na sa buong daigdig.

3 Ngayon, pakisuyong buksan ang iyong Bibliya kung mayroon kang kopya, at tingnan ang talaan ng mga nilalaman. Makikita mo ang mga pangalan ng mga aklat, na nagpapasimula sa Genesis at nagtatapos sa Apocalipsis. Ang Bibliya ay tunay na isang aklatan ng 66 na aklat na isinulat ng may 40 iba’t ibang tao. Ang unang bahagi, na binubuo ng 39 na aklat na tinatawag ng marami na Matandang Tipan, ay wastong tawagin na Hebreong Kasulatan sapagkat ang kalakhang bahagi nito ay isinulat sa Hebreo. Ang ikalawang bahagi, na binubuo ng 27 aklat na tinatawag ng marami na Bagong Tipan, ay wastong tawagin na Kristiyanong



“Iniuunat [ng Diyos] ang hilaga sa ibabaw ng dakong walang laman, na ibinibitin ang lupa sa wala”



Griegong Kasulatan, sapagkat ito ay isinulat sa Griego ng mga Kristiyanong manunulat. Kinailangan ang mahigit sa 1,600 taon, mula noong 1513 B.C.E. hanggang 98 C.E., para matapos ang pagsulat ng Bibliya. Ang mga manunulat ay hindi kailanman sumangguni sa isa't isa, at ang ilang aklat ay isinulat nang sabay-sabay sa mga lugar na libu-libong kilometro ang agwat. Subalit, ang Bibliya ay may iisa lamang tema at nagkakaisa sa kabuuan; hindi nito sinasalungat ang sarili. Likas lamang na isipin natin, ‘Paano maisusulat ng mahigit sa 40 lalaki na nabuhay sa loob ng 16 na siglo ang isang aklat na may gayon na lamang antas ng pagkakasuwato?’


4 Bagaman ang pagsulat ng Bibliya ay natapos mahigit 1,900 taon na ang nakalilipas, ang nilalaman nito ay pumupukaw ng pansin ng mga lalaki at mga babae sa makabagong panahon. Halimbawa, buksan ang iyong Bibliya sa Job 26:7. Tandaan na ang tekstong ito ay isinulat noong ika-15 siglo B.C.E. Ito'y kababasahan: “Iniuunat [ng Diyos] ang hilaga sa ibabaw ng dakong walang laman, *na ibinibitin ang lupa sa wala.”* Pagkatapos, bumaling sa Isaias 40:22, taglay sa isipan na ang aklat ng Isaias ay isinulat noong ikawalong siglo B.C.E. Ang talatang ito ay kababasahan: “May Isa na tumatahan sa ibabaw ng bilog ng lupa, na ang mga nananahanan doon ay gaya ng mga tipaklong, ang Isa na nag-uunat ng langit na gaya ng manipis na gasa, na naglaladlad nito na parang isang toldang matatahanan.” Ano ang pumapasok sa isip mo nang binasa mo ang dalawang paglalarawang ito? Isang larawan ng bilog na bagay na ‘nakabitin’ sa kalawakan. Malamang ay nakita mo na ang gayong larawan sa mga ritratong ipinadala mula sa makabagong sasakyang pangkalawakan. Maaaring nag-iisip ka, ‘Paanong ang mga taong nabuhay noong matagal nang panahon ay makagagamit ng gayong tumpak na mga pananalita hinggil sa siyensiya?’

5 Isaalang-alang natin ang isa pang tanong hinggil sa Bibliya. Ang Bibliya ba ay tumpak hinggil sa kasaysayan? Ang ilan ay nag-iisip na ang Bibliya ay isa lamang kalipunan ng mga alamat, na walang saligan sa kasaysayan. Kuning halimbawa, ang kilalang hari ng Israel na si David. Hanggang kamakailan, ang tanging saligan para malaman ang kaniyang pag-iral ay ang Bibliya. Bagaman ang kilalang mga istoryador ay kumikilala sa kaniya bilang isang totoong tauhan, sinisikap ng ilang mapag-alinlangan na ituring siya bilang isang alamat na inimbento ng mga propagandistang Judio. Ano ba ang ipinakikita ng mga katunayan?

[6] Noong 1993 isang inskripsiyon na tumutukoy sa "Bahay ni David" ang nasumpungan sa mga kagibaan ng sinaunang lunsod ng Dan sa Israel. Ang inskripsiyon ay bahagi ng isang wasak na monumento mula noong ikasiyam na siglo B.C.E., bilang pag-aalaala sa isang pananagumpay sa mga Israelita ng kanilang kaaway. Nagkaroon agad ng sinaunang pagtukoy kay David maging sa labas ng mga pahina ng Bibliya! Ito ba ay mahalaga? Hinggil sa natuklasang ito, si Israel Finkelstein, ng Tel Aviv University, ay nagsabi: "Ang pangmalas na ang Bibliya ay walang kabuluhan ay dagling gumuho nang matuklasan ang inskripsiyon tungkol kay David." Kapansin-pansin, si Propesor William F. Albright, isang arkeologo na gumugol nang ilang dekada sa paghuhukay sa Palestina, ay minsang nagsabi: "Ang sunud-sunod na mga natuklasan ay nagpatunay sa katumpakan ng di-mabilang na mga detalye, at nagbunga ng higit na pagkilala sa kahalagahan ng Bibliya bilang isang pinagmumulan ng kasaysayan." Muli, maaari nating itanong, 'Di-tulad ng mga kuwento at mga alamat, paano ngang ang sinaunang aklat na ito ay lubhang tumpak hinggil sa kasaysayan?' Subalit hindi lamang iyan.

[7] Ang Bibliya ay isa ring aklat ng hula. (2 Pedro 1:20, 21) Ang salitang "hula" ay maaaring magpaalaala sa iyo ng hindi natupad na mga salita ng nangalandakang mga propeta. Subalit isaisantabi muna ang anumang haka-haka, at buksan ang iyong Bibliya sa Daniel kabanata 8. Dito'y inilalarawan ni Daniel ang isang pangitain ng paglalaban sa pagitan ng isang barakong tupa na may dalawang sungay at isang mabalahibong kambing na lalaki na may "isang sungay na kapansin-pansin." Ang kambing na lalaki ay nanaig, subalit ang malaking sungay nito ay nabali. Apat na sungay ang tumubo kahalili nito. Ano ang kahulugan ng pangitain? Ang ulat ni Daniel ay nagpapatuloy: "Ang barakong tupa na iyong nakita na may dalawang sungay ay kumakatawan sa mga hari ng Media at Persia. At ang mabalahibong kambing na lalaki ay kumakatawan sa hari ng Gresya; at kung tungkol sa malaking sungay na nasa pagitan ng mga mata nito, iyon ay kumakatawan sa unang hari. At nang mabali ang isang iyon, anupat may apat na sa kalaunan ay tumayong kahalili nito, may apat na kaharian mula sa kaniyang bansa na tatayo, ngunit hindi taglay ang kaniyang kapangyarihan."—Daniel 8:3-22.

[8] Natupad ba ang hulang ito? Ang pagsulat sa aklat ng Daniel ay natapos noong humigit-kumulang 536 B.C.E.



Inskripsiyon na tumutukoy sa "Bahay ni David"

**"Ang sunud-sunod na mga natuklasan ay nagpatunay sa katumpakan ng di-mabilang na mga detalye, at nagbunga ng higit na pagkilala sa kahalagahan ng Bibliya bilang isang pinagmumulan ng kasaysayan." —Propesor William F. Albright**



Barya na naglalarawan kay Alejandrong Dakila



Ang hari ng Macedonia na si Alejandrong Dakila, na ipinanganak makalipas ang 180 taon, ay lumupig sa Imperyo ng Persia noong 356 B.C.E. Siya ang "malaking sungay" sa pagitan ng mga mata ng "mabalahibong kambing na lalaki." Ayon sa Judiong istoryador na si Josephus, sa pagpasok sa Jerusalem bago ang kaniyang tagumpay sa Persia, ipinakita kay Alejandro ang aklat ng Daniel. Inisip niya na ang mga salita ng hula ni Daniel na ipinakita sa kaniya ay tumutukoy sa kaniyang sariling kampanyang militar laban sa Persia. Karagdagan pa, sa mga aklat-aralin hinggil sa kasaysayan ng daigdig, mababasa mo ang nangyari sa imperyo ni Alejandro pagkamatay niya noong 323 B.C.E. Apat na heneral ang namahala sa kaniyang imperyo sa dakong huli, at noong 301 B.C.E., hinati-hati ng 'apat na sungay' na humalili sa "malaking sungay" ang kaharian sa apat na bahagi. Muli na naman, may dahilan tayo upang mag-isip, 'Paano maihuhula nang napakaliwanag at napakatumpak ng isang aklat kung ano ang magaganap makalipas pa ang mga 200 taon?'

9 Sinasagot mismo ng Bibliya ang mga katanungan sa itaas: "Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos at kapaki-pakinabang." (2 Timoteo 3:16) Ang salitang Griego na isinaling "kinasihan ng Diyos" ay literal na nangangahulugang "hiningahan ng Diyos." "Inihinga" ng Diyos sa isip ng humigit-kumulang 40 manunulat ang impormasyon na masusumpungan natin ngayon sa mga aklat ng Bibliya. Ang ilang halimbawa—makasiyensiya, makasaysayan, at makahula—na ating isinaalang-alang ay maliwanag na nagpapakita ng isa lamang konklusyon. Ang namumukod-tanging aklat na ito, ang Bibliya, ay produkto, hindi ng karunungan ng tao, kundi ng Diyos. Subalit, marami sa ngayon ang nagaalinlangan sa pag-iral ng Awtor nito—ang Diyos. Kumusta ka naman?

### Ano sa Palagay Mo?

1, 2. Anong mga dahilan ang taglay mo upang taimtim na isaalang-alang ang Bibliya?

3. Anong mga katotohanan hinggil sa mga manunulat ng Bibliya ang kahanga-hanga?

4-6. Bakit ka makapagtitiwala sa mga pananalitang masusumpungan sa Bibliya?

7, 8. Paano mo minamalas ang hula ng Bibliya?

9. Ano ang nagpapangyari na maging katangi-tangi ang mga nilalaman ng Bibliya?

4

# Ang May-akda ng Pambihirang Aklat

BAGAMAN mga 96 na porsiyento ng mga Amerikano ang nag-aangking naniniwala sa Diyos, ang porsiyento ay higit na mababa sa mga tao sa Europa at Asia. Gayunman, kahit na sa mga bansa na ang karamihan ay nag-aangking hindi naniniwala sa isang personal na Diyos, may ilan na tumatanggap sa ideya na may di-kilalang puwersa na nagpangyari upang umiral ang materyal na sansinukob. Ang kilalang edukador na Hapones na si Yukichi Fukuzawa, na ang larawan ay nakikita sa perang papel na 10,000 *yen,* ay minsang sumulat: "Sinasabi na hindi nilikha ng langit ang isang tao na mas mataas o mas mababa kaysa sa ibang tao." Sa paggamit ng salitang "langit," tinutukoy ni Fukuzawa ang isang simulain ng kalikasan na sa palagay niya ay lumikha sa mga tao. Tinatanggap ng marami ang ideya ng gayong di-tiyak na "langit," kagaya ni Kenichi Fukui na ginawaran ng Nobel. Nagpahayag siya ng paniniwala sa isang dakilang balangkas sa sansinukob—na sa relihiyosong pananalita ay katumbas ng "Diyos"—subalit tinawag ito na "kakaibang katangian ng kalikasan."

2 Ang gayong marurunong ay naniniwala na may bagay o may isa na walang hanggan na nagpapakilos sa lahat ng bagay sa sansinukob. Bakit? Buweno, isaalang-alang ito: Ang



Yukichi Fukuzawa


Kenichi Fukui



Sombrero Galaxy



“Ang ayos ng isang karaniwang protina . . . ay maihahalintulad sa isang *jigsaw puzzle* na may tatlong-dimensiyon,” ang sabi ni Michael Behe. Subalit, ang katawan ng tao ay maaaring maglaman ng daan-daang libo ng gayong mga palaisipan. Sinisikap ng mga siyentipiko na lutasin ang mga palaisipang ito, subalit sino ang nagdisenyo ng mga ito?




araw ay isang bituin na napakalaki anupat ito ay maaaring maglaman ng isang milyong lupa, subalit ito ay isa lamang butil sa galaksi ng *Milky Way.* Ang Milky Way, sa kabilang panig, ay isa lamang sa bilyun-bilyong galaksi sa sansinukob. Waring ipinahihiwatig ng makasiyensiyang pagsusuri na ang mga galaksing iyon ay lumalayo sa isa't isa nang napakabilis. Upang mapakilos ang sansinukob, malamang na kinailangan ang pagkalaki-laking dinamikong lakas. Sino o ano ang pinagmumulan ng gayong lakas? “Itingin ninyo ang inyong mga mata sa itaas at masdan. Sino ang lumalang ng mga bagay na ito?” ang tanong ng Bibliya. “Iyon ang Isa na naglalabas sa hukbo nila ayon sa bilang, na lahat sila ay tinatawag niya ayon sa pangalan. Dahil sa kasaganaan ng dinamikong lakas, palibhasa'y malakas din ang kaniyang kapangyarihan, walang isa man sa kanila ang nawawala.” (Isaias 40:25, 26) Ang tekstong ito ay nagpapakita na may *isa* na nagpapakilos sa sansinukob—ang Pinagmumulan ng “dinamikong lakas.”

3 Isipin din ang buhay sa lupa. Maaari bang ang buhay ay nagsimula sa ganang sarili nito, gaya ng pag-aangkin ng mga ebolusyonista? Ang biyokemikong si Michael Behe ay nagsabi: “Ang siyensiya ay nakagawa ng pagkalaki-laking pagsulong upang maunawaan kung paano gumagana ang kimika ng buhay, subalit ang katumpakan sa siyensiya at kasalimuutan ng mga sistemang biyolohikal sa antas ng molekula ay nagpawalang-bisa sa pagsisikap ng siyensiya na ipaliwanag ang kanilang pinagmulan. . . . Maraming siyentipiko ang may pagmamatigas na nag-aangking taglay na nila ang mga paliwanag, o kaya'y malapit nang matamo ito, subalit walang masusumpungang suhay para sa gayong pag-aangkin sa propesyonal na mga literatura ng siyensiya. Higit na mahalaga, may matitinding dahilan—salig sa mismong kayarian ng mga [*biomolecular*] na sistema nito—upang isipin na ang paliwanag ni Darwin para sa mga mekanismo ng buhay ay magiging mahirap unawain sa habang panahon.”

4 Kayo ba ay talagang nasisiyahan sa teoriya na ang buhay ng tao ay lumitaw nang walang anumang talino na nagpangyari nito? Ating isaalang-alang bilang halimbawa ang itinuturing na “pinakamasalimuot na bagay sa sansinukob,” ang utak ng tao, at tingnan kung ano ang magiging konklusyon natin. “Ang nagagawa kahit na ng pinakabagong mga *neural-network* computer,” sabi ni Dr. Richard M. Restak, “ay humigit-kumulang sa isang ikasampung libong bahagi lamang ng . . . kakayahan ng isang karaniwang langaw.” Ang utak ng isang tao ay makapupong higit kaysa sa isang karaniwang langaw. Ito ay nakaprograma upang matuto ng mga wika. Kinukumpuni nito ang ganang sarili, binabago ang mga



Alin ang may higit na kakayahan, ang pinakabagong mga *neural-network* computer o ang isang karaniwang langaw?

programa, at pinasusulong ang kakayahan nito. Walang pagsalang ikaw ay sasang-ayon na maging ang isang pinakamalakas na *supercomputer* na may "isang ikasampung libong bahagi ng kakayahan . . . ng isang karaniwang langaw" ay may isang matalinong disenyador. Kumusta naman ang utak ng tao?*

5 Mga 3,000 taon na ang nakalilipas, noong panahong hindi pa lubos na nauunawaan ng mga tao ang mga kababalaghan ng kanilang sariling pisikal na kayarian, isang manunulat ng Bibliya ang nagbulay-bulay sa kayarian ng katawan ng tao at nagsabi: "Pupurihin kita sapagkat sa kakila-kilabot na paraan ay kamangha-mangha ang pagkakagawa sa akin. Ang iyong mga gawa ay kamangha-mangha, gaya ng lubos na nababatid ng aking kaluluwa." Kahit walang alam hinggil sa mga molekula ng DNA, siya'y sumulat: "Nakita ng iyong mga mata maging ang aking pagkabinhi, at sa iyong aklat ay nakatala ang lahat ng bahagi nito." (Awit 139:14, 16) Sino ba ang tinutukoy niya? Sino ang nagluwal ng lahat ng mga bagay sa sansinukob sa pamamagitan ng 'saganang dinamikong lakas'?

6 Ang pinakaunang talata sa Bibliya ay nagsasabi: "Nang pasimula ay nilalang ng Diyos ang langit at ang lupa." (Genesis 1:1) Siya rin ang May-akda ng Bibliya, ang Isa na kumasi sa mga nilalaman nito. Isinisiwalat niya ang kaniyang sarili bilang isang persona na sa kaniya'y maaari tayong magkaroon ng isang makabuluhang kaugnayan.

* Masisiyahan ka sa pagbabasa sa higit pang detalye sa mga kabanata 2 hanggang 4 ng aklat na *Is There a Creator Who Cares About You?,* na inilathala ng Watchtower Bible and Tract Society of New York, Inc.


### ANO SA PALAGAY MO?


1, 2. Ano ang pangmalas mo sa pinagmulan ng sansinukob?

3. Ano sa palagay mo ang posibilidad ng paglitaw ng buhay sa ganang sarili nito?

4. Ano ang sinasabi sa iyo ng kapasidad ng utak ng tao hinggil sa pinagmulan ng utak?

5, 6. Ano ang iyong konklusyon hinggil sa Pinagmumulan ng buhay?





Ang banal na pangalan na lumilitaw sa tekstong Hebreo ng aklat ng Isaias



# 5

# Kinikilala Kung Sino ang Diyos

KAPAG nangangailangan ka ng payo, hindi ba't nagtutungo ka sa isa na mapagkakatiwalaan? Kung ang payo ay nagmumula sa iyong pinagtitiwalaan, mas malamang na susundin mo iyon, magtamo ka man o hindi ng karaka-rakang mga pakinabang mula roon. Upang tunay na matamo mo ang kapakinabangan mula sa praktikal na payo na masusumpungan sa Bibliya, kailangang makilala mo ang May-akda nito. Aba, maaari ka pa nga niyang ituring na "kaibigan"!—Isaias 41:8.


2 Kung nais mong maging kaibigan ang sinuman, walang pagsalang nanaisin mong malaman ang kaniyang pangalan. Ang Diyos ba ng Bibliya ay may pangalan? Siya'y nagpahayag: "Ako ay si Jehova. Iyan ang pangalan ko; at sa kaninuman ay hindi ko ibibigay ang aking kaluwalhatian, ni ang aking kapurihan man sa mga nililok na imahen." (Isaias 42:8) Ang "Jehova," na nakasulat na יהוה (binabasa mula sa kanan pakaliwa) sa wikang Hebreo, ay kaniyang pangalan. Ang pangalang iyan ay lumilitaw nang halos 7,000 ulit sa Hebreong Kasulatan ng Bibliya. Nauunawaan na ang banal na pangalan ay nangangahulugan na "Kaniyang Pinangyayaring Magkagayon," na nagpapahiwatig na pinangyayari ni Jehova ang kaniyang sarili na maging isa ayon sa pangangailangan upang maisakatuparan ang kaniyang mga layunin o na pinangyayari niya may kinalaman sa kaniyang mga nilalang ang anumang kailangan para matupad ang kaniyang layunin. Sa Hebreo ang kaniyang pangalan ay nasa anyo ng balarila na nagpapahiwatig ng isang pagkilos na isinasakatuparan. Ano ang ipinakikita nito? Ito'y nagpapakita na pinangyari na ni Jehova at pinangyayari pa niyang matupad ang kaniyang mga layunin. Siya'y isang nabubuhay na Diyos, hindi isang walang personalidad na puwersa!

3 Si Jehova ay naging ang Maylalang. (Genesis 1:1) Siya ang "Diyos na buháy, na siyang gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng lahat ng bagay na nasa mga iyon." (Gawa 14:15) Nilalang ni Jehova ang lahat ng mga bagay, lakip na ang unang mag-asawang tao, sina Adan at Eva. Kaya, ang Diyos "ang bukal ng buhay." (Awit 36:9) Siya rin ang naging Tagapagsustine ng buhay. Kaya "hindi niya pinabayaang wala siyang patotoo sapagkat gumawa siya ng mabuti, na binibigyan kayo ng mga ulan mula sa langit at mabubungang kapanahunan, na lubu-

sang pinupuno ang inyong mga puso ng pagkain at pagkagalak." (Gawa 14:17) Sa Aprika at Asia, marami ang sumasamba sa kanilang mga ninuno sapagkat sila'y nagkaroon ng buhay dahilan sa kanila. Hindi ba dapat na sila'y makadama nang higit na pagkakautang sa Maylalang at Tagapagsustine ng buhay, ang Isa na lumalang sa unang mag-asawa at nagbigay sa kanila ng kakayahang magkaanak? Ang pagbubulay-bulay sa katotohanang iyan ay maaaring mag-udyok sa iyo na bumulalas: "Ikaw ang karapat-dapat, Jehova, na Diyos nga namin, na tumanggap ng kaluwalhatian at ng karangalan at ng kapangyarihan, sapagkat nilalang mo ang lahat ng bagay, at dahil sa iyong kalooban ay umiral sila at nalalang."—Apocalipsis 4:11.

4 Sa mga pahina ng Bibliya, maaaring makilala mo ang iyong Maylalang, si Jehova, at matutuhan kung anong uri siya ng Diyos. Isinisiwalat nito na "ang Diyos ay pag-ibig." (1 Juan 4:16; Exodo 34:6, 7) Habang iyong binabasa ang Bibliya mula Genesis hanggang Apocalipsis, masusumpungan mo ang maraming ulat na nagpapakita na totoong siya'y isang maibiging Diyos. Bakit hindi gawing kaugalian na magbasa ng Salita ng Diyos sa araw-araw upang makilala ang iyong Maylalang? Maingat na pag-aralan ang Bibliya sa tulong ng mga nakaaalam sa mga nilalaman nito. (Gawa 8:26-35) Sa paggawa nito, makikita mo na siya'y isa ring Diyos ng katarungan, na hindi magpapahintulot sa kabalakyutan magpakailanman. (Deuteronomio 32:4) Ang pagpapanatiling timbang sa pag-ibig at katarungan ay hindi madali para sa tao, subalit dahilan sa Kaniyang karunungan, napananatili ni Jehova ang sakdal na pagkatimbang ng mga ito. (Roma 11:33; 16:27) Sa pagiging Diyos na Makapangyarihan-sa-lahat, siya ay may kapangyarihang gawin ang anumang nais niya upang maisakatuparan ang kaniyang mga layunin. (Genesis 17:1) Sikaping ikapit ang matalinong payo na iyong masusumpungan sa Bibliya, at higit mong mapahahalagahan ang iyong Maylalang, anupat nababatid na ang kaniyang payo ay laging nagdudulot sa atin ng kapakinabangan.

5 May isa pang paraan ng paglapit sa Diyos. Ito ay sa pamamagitan ng panalangin. Si Jehova ang "Dumirinig ng panalangin." (Awit 65:2) Siya ay "makagagawa ng ibayo pang higit sa lahat ng mga bagay na ating mahihingi o maiisip." (Efeso 3:20) Subalit, ano ang masasabi mo sa isang "kaibigan" na lumalapit lamang sa iyo kapag siya'y may hihinging pabor sa iyo? Marahil ay magiging mababa ang pagtingin mo sa kaniya. Gayundin, walang pagsalang hindi mo nanaising gamitin ang pribilehiyo ng panalangin upang humingi lamang sa Diyos ng kailangan mo kundi upang pasalamatan at purihin din siya. —Filipos 4:6, 7; 1 Tesalonica 5:17, 18.



Bakit hindi lumapit kay Jehova sa panalangin?


### Ano sa Palagay Mo?

1. Bakit mahalaga na makilala ang Diyos?
2. Bakit mahalaga ang pangalan ng Diyos at ang kahulugan nito?
3. Anong mga dahilan ang taglay mo upang purihin si Jehova?
4. Ano ang ilan sa mga nangingibabaw na katangian ni Jehova?
5. Paano mo personal na makikilala ang Diyos?



Sinaliksik ni Haring Solomon ang katanungan hinggil sa kahulugan ng buhay

Sina Adan at Eva ay nagkaroon ng isang makabuluhang relasyon sa Diyos



6

# Bakit Tayo Nilalang ni Jehova?

ANO ang kahulugan para sa iyo ng pagkilala kay Jehova? Bukod sa ibang mga bagay, ito'y mangangahulugan ng pagkasumpong ng kasagutan sa isang katanungan na nagiging palaisipan sa bilyun-bilyon: 'Bakit ako naririto?' Marahil ay may mga pagkakataong napag-isipan mo na iyan. Isang matalinong hari na nagtaglay ng mga kayamanang higit "kaysa sa lahat ng iba pang hari sa lupa" noong kaniyang kapanahunan ang gumawa ng pagsasaliksik sa katanungang iyan hinggil sa kahulugan ng buhay. (2 Cronica 9:22; Eclesiastes 2:1-13) Ang haring ito, si Solomon, ay nagtaglay ng malaking kapangyarihan, saganang kayamanan, at walang kaparis na karunungan. Ano ang naging resulta ng kaniyang pagsasaliksik? "Ang katapusan ng bagay, matapos marinig ang lahat, ay: Matakot ka sa tunay na Diyos at tuparin mo ang kaniyang mga utos. Sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao." (Eclesiastes 12:13) Yamang ang karanasan ni Solomon ay nakahihigit kaysa karamihan ng tao, ang kaniyang konklusyon ay karapat-dapat sa ating pagsasaalang-alang.—Eclesiastes 2:12.


2 Ang tinukoy ni Solomon na pagkatakot sa Diyos ay hindi isang malagim na pagkatakot sa isang di-kilalang espiritung puwersa. Sa halip, ito ay isang mabuting pagkatakot na hindi mapaluguran ang isa na pinakamamahal mo. Kung mahal na mahal mo ang isang tao, tiyak na nais mong paluguran ang taong iyon sa lahat ng panahon at iiwasan ang paggawa ng anuman na makasasakit sa kaniya. Habang natututuhan mong mahalin si Jehova, gayundin ang madarama mo tungkol sa kaniya.

3 Sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya, matututuhan mo ang tungkol sa mga gusto at di-gusto ng ating Maylalang pati na ang kaniyang layunin ng paglalang sa lupa. Sa paglalarawan kay Jehova bilang ang "Tagapag-anyo ng lupa at Maylikha nito," tinatawag din siya ng Bibliya na "Siya na nagtatag nito nang matibay, na hindi niya nilalang na walang kabuluhan, na nag-anyo nito upang tahanan." (Isaias 45:18) Inihanda ni Jehova ang lupa upang tahanan ng mga tao, na siyang mangangalaga sa lupa at sa lahat ng mga nilalang na naririto. (Genesis 1:28) Subalit iyon lamang ba ang layunin ni Jehova sa paglalang sa tao—upang maging mga katiwala?

⁴ Hindi, may mas mahalaga pang layunin. Ang unang tao, si Adan, ay may makabuluhang relasyon kay Jehova. Maaaring makipag-usap nang tuwiran si Adan sa Maylalang. Maaari niyang kapuwa pakinggan ang sinasabi ng Diyos at ipahayag kay Jehova kung ano ang kaniyang iniisip. (Genesis 1:28-30; 3:8-13, 16-19; Gawa 17:26-28) Kaya, si Adan at ang kaniyang asawang si Eva ay nagkaroon ng isang malaking pagkakataon upang higit na makilala si Jehova at magkaroon ng isang mas malapit na kaugnayan sa kaniya. Ang pagkakilala kay Jehova at pagtulad sa kaniya ay nagpangyari sana na maging kasiya-siya ang kanilang buhay, sapagkat siya ang "maligayang Diyos." (1 Timoteo 1:11) Bilang ang Diyos na "naglalaan sa atin ng lahat ng mga bagay para sa ating kasiyahan," inilagay ni Jehova ang unang tao sa isang paraiso na tinatawag na hardin ng Eden, taglay ang pag-asang mabuhay magpakailanman.—1 Timoteo 6:17; Genesis 2:8, 9, 16, 17.

⁵ Magpakailanman? Maaaring hindi mo pansinin ang ideya ng pagkakaroon ng buhay na walang-hanggan dahil sa pagiging kakatwa, subalit gayon nga ba? Ang mga siyentipiko ay naniniwala na mayroon na sila ngayong kaunawaan sa mga dahilan ng pagtanda ng mga selula. Ang mga piraso ng henetikong materyal na tinatawag na mga *telomere,* na nakatakip sa mga dulo ng mga *chromosome,* ay nagiging maikli sa tuwing nahahati ang isang selula. Pagkatapos ng 50 hanggang 100 paghahati ng mga selula, ang mga telomere ay nasisira, at ang karamihan sa mga selula ay humihinto na sa paghahati. Gayunman, ang mga natuklasan ng siyensiya kamakailan, ay nagpapakita na sa tulong ng isang *enzyme* na tinatawag na *telomerase,* ang mga selula ng tao ay maaaring patuloy na mahati-hati nang walang katapusan. Bagaman ang natuklasang ito ay hindi nangangahulugan na ginagawang posible ni Jehova ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng partikular na enzyme na ito, isang bagay ang ipinahihiwatig nito: Ang ideya ng pagkakaroon ng buhay na walang hanggan ay hindi kakatwa!

⁶ Oo, kapani-paniwala ang ulat ng Bibliya na nagpapakitang ang unang mag-asawang tao ay nilalang upang mabuhay magpakailanman. Ang relasyon ng mga tao kay Jehova ay nilayon na lumago nang walang katapusan. Nilayon na kanilang mapaunlad ang isang matibay na bigkis sa kanilang makalangit na Ama, anupat lubusang nababatid ang kaniyang layunin para sa mga tao sa lupa at isinasakatuparan ito. Ang kanilang buhay ay hindi magiging nakababagot. Sina Adan at Eva ay may kamangha-manghang pag-asa na punuin ang lupa ng maliligaya at sakdal na mga supling. Sila sana'y nagkaroon ng isang makabuluhan at kapaki-pakinabang na gawain magpakailanman. Tunay nga na iyon ay isang kasiya-siyang buhay! —Genesis 1:28.




Ano ang ipinakikita ng mga natuklasan kamakailan hinggil sa selula ng tao?

### Ano sa Palagay Mo?

1. Ano ang konklusyon ni Solomon sa kahulugan ng buhay?
2. Ano ang kahulugan ng pagkatakot sa Diyos?
3. Ano ang layunin ni Jehova sa paglalang sa mga tao?
4. Ano sana ang magpapangyari na maging kasiya-siya ang buhay ng tao?
5, 6. Ano ang iyong pangmalas sa buhay na walang hanggan, at bakit?



7

# Isang Kasiya-siyang Buhay —Bakit Napakailap?

BAKIT marami ang nagpupunyagi na walang nasusumpungang anumang tunay na kahulugan sa kanilang buhay? "Ang tao, na ipinanganak ng babae, ay maikli ang buhay at lipos ng kaligaligan. Tulad ng bulaklak ay sumisibol siya at pinuputol, at siya ay tumatakas na tulad ng anino at hindi nananatili." (Job 14:1, 2) May naganap sa unang mag-asawang tao sa Paraiso na sumira sa maningning na pag-asa ng sangkatauhan.

2 Upang ang pamilya ng tao ay maging tunay na maligaya, sila'y kailangang magkaroon ng mabuting relasyon sa Diyos —isa na kusang-loob, hindi sapilitan. (Deuteronomio 30:15-20; Josue 24:15) Nais ni Jehova ang pagsunod at pagsamba na nagmumula sa puso, udyok ng pag-ibig. (Deuteronomio 6:5) Kaya sa hardin ng Eden, si Jehova ay gumawa ng restriksiyon na nagbigay sa unang tao ng pagkakataong mapatunayan ang kaniyang taos-pusong katapatan. "Mula sa bawat punungkahoy sa hardin ay makakakain ka hanggang masiyahan," ang sabi ng Diyos kay Adan, "ngunit kung tungkol sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain mula roon, sapagkat sa araw na kumain ka mula roon ay tiyak na mamamatay ka." (Genesis 2:16, 17) Iyon ay isang simpleng pagsubok. Si Adan ay pinagbawalan ni Jehova na kumain ng bunga ng isa lamang punungkahoy mula sa lahat ng mga punungkahoy sa hardin. Ang punungkahoy na iyon ay sumasagisag sa karapatan ng ubod-dunong na Maylalang upang magpasiya kung ano ang mabuti at kung ano ang masama. Ang bigay-Diyos na utos na ito ay pinarating ng unang tao sa kaniyang asawang babae, na inilaan ni Jehova "bilang kapupunan [ni Adan]." (Genesis 2:18) Sila'y kapuwa nasiyahan sa kaayusang ito—mabuhay sa ilalim ng pamamahala ng Diyos—na may pagpapahalagang nagpapasakop sa kaniyang kalooban at sa gayo'y nagpapahayag ng kanilang pag-ibig sa kanilang Maylalang at Tagapagbigay-Buhay.


3 Pagkatapos isang araw, isang serpiyente ang nakipag-usap kay Eva at nagtanong: "Talaga bang sinabi ng Diyos na huwag kayong kakain mula sa bawat punungkahoy sa hardin?" Sumagot si Eva na sila'y pinagbawalang kumain ng bunga lamang "ng punungkahoy na nasa gitna ng hardin," ang pu-

nungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, 'upang hindi sila mamatay.'—Genesis 3:1-3.

4 Sino ang serpiyenteng ito? Ang aklat ng Apocalipsis sa Bibliya ay nagpapakilala sa "orihinal na serpiyente" bilang "ang tinatawag na Diyablo at Satanas, na siyang nagliligaw sa buong tinatahanang lupa." (Apocalipsis 12:9) Nilalang ba ng Diyos si Satanas na Diyablo? Hindi, ang mga gawa ni Jehova ay sakdal at mabuti. (Deuteronomio 32:4) Ang espiritung nilalang na ito ang gumawa sa kaniyang sarili na maging kapuwa Diyablo, na nangangahulugang "Maninirang-puri," at Satanas, na nangangahulugang "Mananalansang." Siya ay 'nahila at naakit ng sarili niyang pagnanasa,' ang pagnanasa na mapasa katayuan ng Diyos, anupat siya'y naghimagsik laban sa Maylalang.—Santiago 1:14.

5 Si Satanas na Diyablo ay patuloy na nagsabi kay Eva: "Tiyak na hindi kayo mamamatay. Sapagkat nalalaman ng Diyos na sa mismong araw na kumain kayo mula roon ay madidilat nga ang inyong mga mata at kayo nga ay magiging tulad ng Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama." (Genesis 3:4, 5) Pinangyari ni Satanas na maging waring kaakit-akit ang pagkain mula sa punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama. Sa diwa, siya'y nangatuwiran: 'May mabuting bagay na ipinagkakait sa inyo ang Diyos. Basta kumain kayo mula sa punungkahoy, at kayo ay magiging gaya ng Diyos at makapagpapasiya kayo sa inyong ganang sarili kung ano ang mabuti at kung ano ang masama.' Sa ngayon, ginagamit pa rin ni Satanas ang ganitong pangangatuwiran upang ilayo ang marami sa paglilingkod sa Diyos. 'Gawin mo ang gusto mo,' ang sabi niya. 'Basta't huwag mong pansinin kung ano ang utang mo sa Isa na nagbigay sa iyo ng buhay.'—Apocalipsis 4:11.

6 Ang bunga ng punungkahoy ay isang bagay na dagling naging kapana-panabik, isang bagay na mahirap tanggihan! Kinuha ni Eva ang bunga, kinain iyon, at pagkatapos ay binigyan niya nito ang kaniyang asawa. Bagaman may lubos na kabatiran sa idudulot niyaon, si Adan ay nakinig sa tinig ng kaniyang asawa at kumain ng bunga. Ano ang naging resulta? Sa babae ay inilapat ni Jehova ang sumusunod na hatol: "Palulubhain ko ang kirot ng iyong pagdadalang-tao; sa mga hapdi ng panganganak ay magluluwal ka ng mga anak, at ang iyong paghahangad ay magiging ukol sa iyong asawa, at pamumunuan ka niya." At sa lalaki? "Sumpain ang lupa dahil sa iyo. Kakainin mo nang may kirot ang bunga niyaon sa lahat ng mga araw ng iyong buhay. At mga tinik at mga dawag ang isisibol niyaon para sa iyo, at kakain ka ng pananim sa parang. Sa pawis ng iyong





mukha ay kakain ka ng tinapay hanggang sa ikaw ay bumalik sa lupa, sapagkat mula riyan ka kinuha. Sapagkat ikaw ay alabok at sa alabok ka babalik." Sina Adan at Eva na ngayon ang maghahanap ng kaligayahan at kasiyahan sa sarili nilang paraan. Ang mga pagsisikap ba ng mga tao na magkaroon ng kasiya-siyang buhay na hiwalay mula sa layunin ng Diyos ay magtatagumpay? Ang kasiya-siyang gawain ng pangangalaga sa tulad-harding Paraiso at ng pagpapalawak nito hanggang sa kadulu-duluhan ng lupa ay napalitan ng nakababagot na pagpapagal upang manatili lamang na buháy, na walang ginagawa para sa ikaluluwalhati ng kanilang Maylalang.—Genesis 3:6-19.

7 Sa araw na kumain sila mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, namatay ang unang mag-asawang tao sa paningin ng Diyos at unti-unting humantong sa kanilang pisikal na kamatayan. Ano ang nangyari sa kanila nang sila sa wakas ay namatay? Ang Bibliya ay nagbibigay ng kaunawaan sa kalagayan ng patay. "Batid ng mga buháy na sila ay mamamatay; ngunit kung tungkol sa mga patay, sila ay walang anumang kabatiran, ni mayroon pa man silang kabayaran, sapagkat ang alaala sa kanila ay nalimutan." (Eclesiastes 9:5; Awit 146:4) Walang bagay na tinatawag na "kaluluwa" na nakaliligtas sa kamatayan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan, hindi walang-hanggang pagpapahirap sa isang nag-aapoy na impiyerno. Bukod dito, ang kamatayan ay hindi umaakay tungo sa walang-hanggang kaligayahan sa langit.*

8 Kung paanong ang isang lutuan ng keyk na may yupì ay makagagawa lamang ng keyk na may marka o bakas, ang ngayo'y di-sakdal na lalaki at babae ay makapagluluwal lamang ng di-sakdal na mga supling. Ipinaliliwanag ng Bibliya ang prosesong ito: "Sa pamamagitan ng isang tao ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan at ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan, at sa gayon ang kamatayan ay lumaganap sa lahat ng tao sapagkat silang lahat ay nagkasala." (Roma 5:12) Kaya, tayong lahat ay ipinanganak sa kasalanan at ipinasakop sa kawalang-saysay. Ang buhay para sa mga inapo ni Adan ay naging nakasisiphayong pagkabagot. Subalit mayroon bang solusyon?

* Makasusumpong ka ng kapana-panabik na mga detalye hinggil sa kalagayan ng mga patay sa brosyur na *Ano ang Nangyayari sa Atin Kapag Tayo ay Namatay?,* na inilathala ng Watchtower Bible and Tract Society of New York, Inc.

### ANO SA PALAGAY MO?

1, 2. Bakit ipinagbawal ng Diyos ang pagkain mula sa "punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama"?

3-6. Ano ang nangyari sa pamilya ng tao anupat ang kanilang buhay ay naging nakababagot?

7. Ano ang nangyayari sa isang tao kapag siya ay namatay?

8. Bakit tayong lahat ay namamatay?

# 8

# Ang Daan Pabalik sa Isang Kasiya-siyang Buhay

BAGAMAN ang sangkatauhan ay nasadlak sa isang walang-saysay na paraan ng pamumuhay bilang resulta ng kanilang paghihimagsik laban sa banal na pamamahala, ang mga tao ay hindi pinabayaan ng Diyos sa kawalang pag-asa. Ipinaliliwanag ng Bibliya: "Ang sangnilalang ay ipinasakop sa kawalang-saysay, hindi sa sarili nitong kalooban kundi sa pamamagitan niya na nagpasakop nito, salig sa pag-asa na ang sangnilalang din mismo ay palalayain sa pagkaalipin sa kasiraan at magtatamo ng maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos." (Roma 8:20, 21) Oo, ang Diyos ay naglaan ng pag-asa para sa mga supling ng unang mag-asawang tao. Ito ay ang tiyak na pag-asa na palalayain ang sangkatauhan mula sa minanang kasalanan at kamatayan. Sila ay ibabalik sa isang matalik na kaugnayan sa Diyos na Jehova. Paano?

2 Nang magkasala sina Adan at Eva, pinagkaitan nila ang kanilang mga inapo ng pag-asang magtamasa ng isang kasiya-siyang buhay magpakailanman sa lupa. Kapalit ng kalayaang magpasiya kung ano ang mabuti at masama para sa kanilang sarili, ipinagbili nila ang kanilang magiging pamilya sa kasalanan at kamatayan. Palibhasa'y ipinanganak sa pamilyang iyon, ang kanilang mga inapo ay maihahalintulad sa mga alipin na nakakulong sa isang malayong isla kung saan nagpupuno ang malulupit na tagapamahala bilang mga hari. Tunay nga, ang kamatayan ay nagpupuno bilang hari sa sangkatauhan na alipin naman ng isa pang hari—ang kasalanan. (Roma 5:14, 21) Parang walang sinuman ang makapagliligtas sa kanila. Aba, ang kanilang mga ninuno ang nagbili sa kanila sa pagkaalipin! Subalit isang mapagkawanggawang tao ang nagsugo sa kaniyang anak, na nagdala ng buong halagang kinakailangan upang mapalaya ang lahat ng nasa pagkaalipin.—Awit 51:5; 146:4; Roma 8:2.

3 Sa ilustrasyong ito ang tao na nagligtas sa mga alipin ay kumakatawan sa Diyos na Jehova. Ang anak na nagdala ng halaga para sa kalayaan ay si Jesu-Kristo. Siya'y umiral bilang ang bugtong na Anak ng Diyos bago naging tao. (Juan 3:16) Siya ang pinakauna sa paglalang ni Jehova, at ang lahat ng iba pang mga nilalang sa sansinukob ay lumitaw sa



**Ang Diyos ay naglaan ng pag-asa para sa sangkatauhan upang sila ay mapalaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan at kamatayan**



pamamagitan niya. (Colosas 1:15, 16) Makahimalang inilipat ni Jehova ang buhay ng espirituwal na Anak na ito sa bahay-bata ng isang birhen, na nagpangyaring maisilang ang sanggol na isang sakdal na tao, ang kinakailangang halaga upang matugunan ang mga kahilingan ng banal na katarungan.—Lucas 1:26-31, 34, 35.

4 Nang si Jesus ay mga 30 taóng gulang na, siya'y nabautismuhan sa Ilog Jordan. Sa kaniyang bautismo, siya'y pinahiran ng banal na espiritu, o ng aktibong puwersa ng Diyos. Kaya, siya'y naging ang Kristo, na nangangahulugang "Pinahirang Isa." (Lucas 3:21, 22) Ang ministeryo ni Jesus sa lupa ay tumagal nang tatlo at kalahating taon. Noong mga taóng iyon, itinuro niya sa kaniyang mga tagasunod ang hinggil sa "kaharian ng Diyos," ang makalangit na pamahalaan na sa ilalim nito ay maiba-



balik ang sangkatauhan sa isang mapayapang kaugnayan sa Diyos na Jehova. (Lucas 4:43; Mateo 4:17) Alam ni Jesus ang paraan upang magkaroon ang mga tao ng isang maligayang buhay, at binigyan niya ang kaniyang mga tagasunod ng mga espesipikong giya hinggil sa kaligayahan. Bakit hindi mo buksan ang iyong Bibliya sa Mateo kabanata 5 hanggang 7 at basahin ang ilan sa kaniyang mga turo sa Sermon sa Bundok?

5 Di-tulad ni Adan, si Jesus ay namuhay sa pagsunod sa Diyos sa lahat ng paraan. "Hindi siya nakagawa ng kasalanan." (1 Pedro 2:22; Hebreo 7:26) Sa katunayan, siya'y may karapatan na mabuhay magpakailanman sa lupa, subalit 'ibinigay niya ang kaniyang kaluluwa' upang bayaran sa Diyos kung ano ang iwinala ni Adan. Sa pahirapang tulos, ibinigay ni Jesus ang kaniyang sakdal na buhay-tao. (Juan 10:17; 19:17, 18, 28-30; Roma 5:19, 21; Filipos 2:8) Sa paggawa nito, si Jesus ay naglaan ng pantubos, o binayaran ang halagang kinakailangan upang bilhing muli ang sangkatauhan mula sa pagkaalipin sa kasalanan at sa kamatayan. (Mateo 20:28) Gunigunihin mo na nagtatrabaho ka sa isang maruming pabrika, na nabubuhay sa literal na pagkaalipin. Hindi ka ba tatanaw ng utang-na-loob sa isa na nagsaayos na mapalaya ka mula sa pagkaalipin at sa isa na kusang nagsakripisyo ng kaniyang buhay para sa iyo? Sa pamamagitan ng kaayusan ng pantubos, nabuksan ang isang daan para sa iyo na makapanumbalik sa pansansinukob na pamilya ng Diyos at mamuhay ng isang tunay na kasiya-siyang buhay, na malaya sa pagkaalipin sa kasalanan at sa kamatayan.—2 Corinto 5: 14, 15.

6 Ang pagkaalam at pagpapahalaga sa di-sana nararapat na kabaitan ni Jehova ay higit na nagbibigay sa iyo ng lahat ng dahilan upang ikapit sa iyong sariling buhay ang mga salita ng karunungan na masusumpungan sa Bibliya. Halimbawa, kunin ang isa sa mga simulain na pinakamahirap ikapit —ang pagpapatawad sa iba kapag nagkasala sila sa iyo. Natatandaan mo ba ang mga salitang masusumpungan sa Colosas kabanata 3, talatang 12 hanggang 14, na ating isinaalang-alang sa Aralin 2? Ang mga talatang iyon ay humihimok sa iyo na patawarin ang iba kahit na may dahilan ka na magreklamo laban sa kanila. Ipinaliliwanag ng konteksto kung bakit, sa pagsasabing: "Kung paanong si Jehova ay malayang nagpatawad sa inyo, gayon din naman ang gawin ninyo." Minsang isinapuso mo kung ano ang ginawa ni Jehova at ni Jesu-Kristo alang-alang sa sangkatauhan, mapakikilos ka na magpatawad sa iba para sa anumang kasalanang nagawa nila, lalo na kung sila ay nagsisisi at humihingi ng tawad.

**Hindi ka ba makadarama ng malaking utang-na-loob sa isa na nagpalaya sa iyo mula sa pagkaalipin?**

### ANO SA PALAGAY MO?

1. Pinabayaan ba ni Jehova ang mga tao sa kawalang pag-asa?
2. Sa ano natin maihahalintulad ang ginawa ni Adan sa kaniyang mga supling?
3. Bakit isinilang si Jesu-Kristo ng isang birhen?
4. Ano ang ilan sa mga turo ni Jesu-Kristo, at bakit mabisa ang mga ito?

5, 6. Ano ang personal mong nadarama hinggil sa ginawa ni Jehova at ni Jesus para sa sangkatauhan?

# 9

# Tamasahin ang Isang Kasiya-siyang Buhay —Ngayon at Magpakailanman!

**Maaari kang magkaroon ng isang kasiya-siyang buhay kung lilinangin mo ang pakikipagkaibigan sa Diyos**

INIWAN ni Abraham, isang kilalang tauhan ng pananampalataya sa kasaysayan ng Bibliya, ang isang komportableng buhay sa maunlad na lunsod ng Ur. Pagkatapos manirahan ng ilang panahon sa Haran, ginugol niya ang natitirang bahagi ng kaniyang buhay bilang isang lagalag, na naninirahan sa mga tolda, na walang permanenteng tirahan. (Genesis 12:1-3; Gawa 7:2-7; Hebreo 11:8-10) Gayunman, nakaulat na: "Pumanaw si Abraham at namatay sa lubos na katandaan, matanda na at nasisiyahan." (Genesis 25:8) Ano ang nagpangyari na ang kaniyang buhay ay maging lubhang kasiya-siya? Hindi lamang siya isang matandang lalaki na nakadama ng kasiyahan nang siya'y nasa banig ng kamatayan dahil sa kaniyang mga nagawa noong siya'y nabubuhay pa. Nang dakong huli, si Abraham ay tinawag na "kaibigan ni Jehova" dahil sa kaniyang namumukod-tanging pananampalataya sa Diyos. (Santiago 2:23; Isaias 41:8) Ang nilinang ni Abraham na makabuluhang kaugnayan sa kaniyang Maylalang ang nagpangyaring maging kasiya-siya ang kaniyang buhay.

Maaari kayang maging higit na kasiya-siya ang iyong buhay kaysa yaong kay Abraham?



2 Kagaya ng ginawa ni Abraham mga 4,000 taon na ang nagdaan, ikaw man ay maaaring magkaroon ng isang makabuluhan, kasiya-siyang buhay sa ngayon kung lilinangin mo ang pakikipagkaibigan sa Diyos. Maaaring lubha kang mamangha sa ideya ng pagiging isang kaibigan ng Maylalang ng sansinukob, subalit posible iyon. Paano? Kailangan mong makilala siya at ibigin siya. (1 Corinto 8:3; Galacia 4:9) Sa pagkakaroon ng gayong kaugnayan

sa iyong Maylalang, maaaring maging makabuluhan at kasiya-siya ang iyong buhay.


3 Para doon sa mga nagnanais na tanggapin ang haing pantubos ni Jesu-Kristo, si Jehova ay naglaan ng mga giya para sa pagkakaroon ng isang maligayang buhay. (Isaias 48:17) Tandaan, si Adan ay naghimagsik laban sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapasiya sa ganang sarili kung ano ang mabuti at kung ano ang masama. Bagaman binili ni Jehova ang pamilya ng tao sa pamamagitan ng haing pantubos ng kaniyang Anak, anupat pinagkalooban sila ng paraan upang lumaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan at kamatayan, kailangang tanggapin ng bawat indibiduwal ang pantubos at huminto sa pagtatakda ng kaniyang sariling pamantayan ng mabuti at masama. Dapat na ipasakop natin ang ating sarili sa mga kautusan at mga simulain na inilaan ng Diyos para doon sa mga tumatanggap sa haing pantubos ni Jesus.


4 Habang nagpapatuloy ka sa pag-aaral ng Bibliya at ikinakapit ang mga simulaing naroroon, walang pagsalang mapahahalagahan mo ang pamantayan ng Diyos ng mabuti at masama. (Awit 19:7-9) Mauudyukan kang magsabi sa Diyos, gaya ng ginawa ng propeta ni Jehova na si Moises: "At ngayon, pakisuyo, kung nakasumpong ako ng lingap sa iyong paningin, pakisuyong ipaalam mo sa akin ang iyong mga daan, upang makilala kita." (Exodo 33:13; Awit 25:4) Ang Bibliya ay naglalaan ng mga simulaing papatnubay sa iyo sa pagharap sa mga suliranin ng "mga panahong mapanganib na mahirap pakitunguhan." (2 Timoteo 3:1) Ang iyong pagpapahalaga ay lalago, anupat ito'y aakay sa iyo upang makilalang mabuti si Jehova at upang mapatibay ang iyong pakikipagkaibigan sa kaniya.

5 Si Abraham ay namatay nang "matanda na at nasisiyahan," subalit hangga't ang isa ay namamatay, ang buhay ay mananatiling napakaikli. Ang pagnanais na mabuhay ay likas sa ating lahat, gaano man tayo katanda. Ito'y dahil sa "[ang Diyos] ay nagtakda rin ng pagkawalang hanggan sa puso ng mga tao; subalit hindi nila maarok kung ano ang ginawa ng Diyos buhat sa pasimula hanggang sa katapusan." (Eclesiastes 3:11, *New International Version*) Kahit na mabuhay pa tayo nang walang hanggan, hindi natin kailanman maaarok ang buong paglalang ni Jehova. Walang katapusan ang maaari nating mapagmasdan, mapag-aralan, at matamasa sa kamangha-manghang mga gawa ni Jehova!—Awit 19:1-4; 104:24; 139:14.

6 Maaaring hindi ka maakit na mabuhay magpakailanman kung ang lupa ay mapupuno ng mga suliraning gaya ng

**"Pakisuyong ipaalam mo sa akin ang iyong mga daan"**





nakikita natin sa ngayon. Gayunman, hindi iyan dapat na ikabahala. Ipinangangako ng Bibliya: "May mga bagong langit at isang bagong lupa na ating hinihintay ayon sa kaniyang pangako, at sa mga ito ay tatahan ang katuwiran." (2 Pedro 3:13) Ang terminong "mga bagong langit" ay tumutukoy sa bagong makalangit na pamahalaan—ang Kaharian ng Diyos, na siyang mamamahala sa buong lupa. Ang "bagong lupa" ay isang bagong lipunan ng mga tao na binubuo ng mga masunurin sa pamamahala ng Kahariang iyan. Upang ito'y maging isang katotohanan, malapit nang kumilos si Jehova laban sa mga "nagpapahamak sa lupa."—Apocalipsis 11:18; 2 Pedro 3:10.

7 Gaano na ito kalapit? Bilang mga bahagi ng "tanda . . . ng katapusan ng sistema ng mga bagay," isinama rito ni Jesu-Kristo ang mga digmaan ng mga bansa, "mga kakapusan sa pagkain at mga lindol sa iba't ibang dako," "mga salot," at "paglago ng katampalasanan." (Mateo 24:3-13; Lucas 21:10, 11; 2 Timoteo 3:1-5) Pagkatapos ay inihula niya: "Kapag nakita ninyo na nagaganap ang mga bagay na ito, alamin ninyo na ang kaharian ng Diyos ay malapit na." (Lucas 21:31) Tunay nga, ang panahon ng pagpuksa ni Jehova sa mga balakyot ay mabilis na dumarating.*

8 Pagkatapos ng "dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan-sa-lahat," sa panahong lilinisin ni Jehova ang lupa mula sa kabalakyutan, ang ating globo ay magiging isang paraiso. (Apocalipsis 16:14, 16; Isaias 51:3) Pagkatapos, "ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at tatahan sila roon magpakailanman." (Awit 37:29) Subalit kumusta naman ang mga nangamatay na? "Huwag kayong mamangha rito," ang sabi ni Jesus, "sapagkat ang oras ay dumarating na ang lahat ng nasa mga alaalang libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig at lalabas, yaong mga gumawa ng mabubuting bagay sa pagkabuhay-muli sa buhay, yaong mga gumawa ng buktot na mga bagay sa pagkabuhay-muli sa paghatol." (Juan 5:28, 29) Si Jehova, na interesado sa bawat indibiduwal, ay nagnanais na buhaying-muli yaong mga natutulog sa kamatayan. Maaaring subukin ng mga siyentipiko na i-*clone* ang mga tao sa pamamagitan ng henetikong inhinyeriya, subalit hindi na kailangang gumamit ng *cloning* ang Maylalang. Natatan-

---

* Maaaring matuto ka pa nang higit tungkol sa hulang ito sa kabanata 9 ng aklat na *Ano ba Talaga ang Itinuturo ng Bibliya?* na inilathala ng mga Saksi ni Jehova.



daan niya ang lahat ng detalye ng bawat matutubos na tao at maibabalik niya ang gayong mga tao tungo sa buhay. Oo, may pag-asa kang makita ang iyong namatay na mga minamahal sa isang paraisong lupa!

9 Ano kaya ang magiging buhay sa Paraiso? Ang lupa ay mapupuno ng maliligayang lalaki at babae na nagkakaisang pumupuri sa Maylalang. “Walang sinumang tumatahan ang magsasabi: ‘Ako ay may sakit.’ ” (Isaias 33:24; 54:13) Walang sinuman ang malalantad sa nakapipinsalang kaigtingan o magkakaroon ng emosyonal at mental na karamdaman. Maraming makakain ang lahat at makasusumpong ng kasiyahan sa makabuluhang gawain na kasuwato ng layunin ng Diyos. (Awit 72:16; Isaias 65:23) Tatamasahin nila ang kapayapaan sa mga hayop, kapayapaan sa mga kapuwa-tao at, higit sa lahat, “kapayapaan sa Diyos.”—Roma 5:1; Awit 37:11; 72:7; Isaias 11:6-9.

10 Ano ang kailangan mong gawin upang mapasa Paraisong iyon at tamasahin ang buhay taglay ang lubos na kasiyahan? Sinabi ni Jesu-Kristo: “Ito ay nangangahulugan ng buhay na walang hanggan, ang kanilang pagkuha ng kaalaman tungkol sa iyo, ang tanging tunay na Diyos, at sa isa na iyong isinugo, si Jesu-Kristo.” (Juan 17:3) Kaya patuloy na kumuha ng kaalaman kay Jehova at kay Jesu-Kristo, na inaalam kung ano ang hinihiling sa iyo ng Diyos. Kung gayon ay mapalulugdan mo ang Diyos na Jehova, at pangyayarihin nito na ang iyong buhay ay maging lubos na kasiya-siya.

### ANO SA PALAGAY MO?

1, 2. Paano ka magkakaroon ng isang kasiya-siyang buhay?

3, 4. Bakit makatuwiran na mamuhay kasuwato ng mga daan ng Diyos?

5. Ano ang kinakailangan upang ang buhay ay maging tunay na kasiya-siya?

6, 7. Paano matatamo ang kanais-nais na mga kalagayan at buhay na walang hanggan?

8. Paano maipakikita ni Jehova ang interes doon sa mga namatay na?

9. Ano ang magiging kahulugan ng pamamahala ng Diyos para sa mga tao sa lupa?

10. Ano ang kailangan mong gawin upang tamasahin ang isang kasiya-siyang buhay sa Paraiso?

Photo Credits:

Page 12: NASA photo;
page 13: Top: Courtesy of Israel Antiquities Authority;
page 15: Top: Culver Pictures; middle: © Nobelstiftelsen; bottom: NASA and The Hubble Heritage Team (STScI/AURA);
page 17: Supercomputer: Photo courtesy of Sandia National Laboratories;
page 18: Hebrew text: This image has been produced with the permission of the Ancient Biblical Manuscript Center for Preservation and Research, Claremont, California. All rights reserved;
page 25: UN PHOTO/Jean Pierre Laffont;
page 30: Atomic cloud: USAF photo; soldiers: U.S. Marine Corps photo; starving children: WHO/OXFAM

**Hindi ipinagbibili ang publikasyong ito. Inilaan ito bilang bahagi ng pambuong-daigdig na pagtuturo sa Bibliya na tinutustusan ng kusang-loob na mga donasyon.**

**Para sa donasyon, magpunta sa www.jw.org/tl.**

Malibang iba ang ipinakikita, ang mga pagsipi sa Kasulatan ay mula sa makabagong-wikang *Bagong Sanlibutang Salin ng Banal na Kasulatan.*


*Isang Kasiya-siyang Buhay—Kung Paano Ito Matatamo*
*A Satisfying Life—How to Attain It*
Inilimbag Nobyembre 2017

Tagalog (*la*-TG)

© 2001 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

Mga Tagapaglathala
Watchtower Bible and Tract Society of New York, Inc.
Wallkill, New York, U.S.A.

Made in Japan




Basahin o i-download ang publikasyong ito at/o humiling ng libreng pag-aaral sa Bibliya sa **www.jw.org/tl.**

O punan ang kupon at ipadala sa angkop na adres na nasa ibaba.

**Para sa listahan ng mga adres sa buong daigdig, magpunta sa www.jw.org/tl/contact.**

☐ Pakisuyong padalhan ako ng kopya ng *Ano Ba Talaga ang Itinuturo ng Bibliya?*

☐ Interesado ako sa libreng pag-aaral sa Bibliya. Pakisuyong puntahan ako.

WIKA ____________________

PANGALAN ____________________

ADRES ____________________

Para sa higit pang impormasyon, magpunta sa **www.jw.org/tl** o kontakin ang mga Saksi ni Jehova.

la-TG
171130